Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-29 NG HUNYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 139-2020

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY AT TUMATANGGAP SA PAG-AANGKOP O' ADAPSYON NG CITY OF MALOLOS PUBLIC ORDER AND PUBLIC SAFETY (POPS) PLAN 2020-2022, PARA SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON, IMPLEMENTASYON NG MGA NAKASAAD DITO AT SA PAGPAPANATILI NG KAAYUSAN, KAPAYAPAAN AT KALIGTASAN NG MGA MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NINA: KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS,
KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KGG.FRANCISCO J. CASTRO AT KGG. MICHAEL M. AQUINO

SAPAGKAT, ang City Peace and Order Council (CPOC) ay bumuo ng Public Order and Public Safety (POPS) Plan 2020-2022 bilang pagsasaayos ng kalalagayan, kaayusan at paghahanda sa mga posibleng banta sa seguridad at kaligtasan ng mamamayan ng Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, ang Public Order and Public Safety (POPS) Plan ay three-year term-based na pagpaplano na kabahagi sa Comprehensive Development Plan (CDP) ng mga lokal na pamahalaan, na isinasakatuparan upang paunlarin at mapagbuti ang kalalagayan ng pamumuhay sa bawat pamayanan sa pamamamagitan ng pagsiguro sa proteksyon at kaligtasan ng lipunan;

SAPAGKAT, ang nasabing POPS Plan ay nabuo sa pamamagitan ng maigting na pag-aaral at pagbuo ng mga piling kawani ng Pamahalaang Lungsod sa pakikipag-ugnayan sa mga Pamahalaang Barangay sa Malolos, hanay ng kapulisan sa Malolos, City Social Welfare Development Office, City Planning Development Office, City Environment and Natural Resources Office, City Disaster Risk Reduction Management Office, City Budget Office, City Health Office, City Legal Office, City Architect, kinatawan mula sa Sangguniang Panlungsod, sa iba pang sector, at gayundin ng kinatawan ng Department of Interior and Local Government;

SAPAGKAT, ang nasabing plano ay titiyak sa seguridad sa ari-arian, kalusugan at buhay ng mamamayang taga-Malolos na sumasang-ayon sa itinatadhana ng R.A 7160 o' ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas, partikular sa Seksiyon 16 nito, na naghahayag na tungkulin ng Pamahalaang lokal na isulong ang Kagalingan Panlahat;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

SAPAGKAT, itinatadhana rin sa Seksyon 458 ng nabanggit na Kodigo, na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod kabilang dito ang pangangalaga sa mga kapakanan at integridad ng bawat mamamayan na nasasakupan nito;

Kung kaya't sa kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, ay pinagtitibay at tinatanggap ang pag-aangkop o' adapsyon ng City of Malolos Public Order and Public Safety (POPS) Plan 2020-2022.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*06292020